The content in the 2nd and 3rd page of this Statement is in Filipino

DRR Expert Forum

# The Antalya Statement

**March 3, 2015 Antalya, Turkey**

**An Expert Forum on Disaster Risk Reduction (DRR) in a Changing Climate: Lessons Learned about Lessons Learned, was convened by USAID, CCB/CU, WMO and TSMS with the support of NOAA and GFDRR** in Antalya, Turkey, 10 to 13 February 2015.**

**"The best time to have planted a tree here was 20 years ago. The second best time is now."** ***-African Proverb***

So it goes for societal responses to hydromet disaster risk reduction in a changing climate.

---

** US Agency for International Development, Consortium for Capacity Building, World Meteorological Organization, Turkish State Meteorological Service, National Oceanic and Atmospheric Administration, Global Facility for Disaster Reduction and Recovery.

Disclaimer: The views expressed in the Antalya Statement are those of the writers and participants and do not necessarily reflect the views of any of the supporting organizations.

**For more information please visit CCB-boulder.org**
**Contact: michael.glantz@colorado.edu**



**Ang Pahayag Mula sa Antalya**

Siyamnapung katao ang natipon-tipon mula sa 43 na bansa na kinabibilangan at nagmula sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno, mga makataong samahan o organisasyon, NGOs (Non-Government Organization), sa akademya at mga institusyon sa pananaliksik ng pang-agham at mga pag-aaral, mga practitioners, kabataan at mga batang propesyonal.

**Pahayag ng Pag-aalala ng mga nagsipagtipon-tipon**

Sa pagsusuri ng aming mga karanasan sa mga panganib at mga kalamidad na aming dinanas ay nagbunyag ng mga kayamanan ng kaalaman na dati pang natukoy subali't hindi pa naisagawa, at ngayon muling natuklasan sa mga sumunod na magka-sintulad na mga kalamidad… kahit na ang nasabing kalamidad na ito ay nangyari din sa dating lugar. Ang maliwanag na pagkaunawa ay ang mga karanasan sa kalamidad ay hindi nangangahulugan mga aral na natutunan na.

**Mga possibleng mga pangyayaring magsanga kung ang mga karanasang natukoy na ay hindi talagang matutunan.**

Ang pagsasawalang bahala sa mga kabuuang karanasan ay maaring magdulot ng walang kabuluhang hindi pagbabago at pakikitungo sa mga nagaganap sa ating kapaligiran. Ang halaga ng pagresponde sa mga pangyayari at kaganapan sa mga kalamidad, ang wastong pakikitungo at pagbawas ng epekto ng panganib o ang tinatawag nating "DRR" (Disaster Risk Reduction) ay sadyang lumalaki na at lalong lumalaki din ang pagkabahala sa hindi kasiguraduhang pangyayari na dala ng klima, mga matinding pagbabago ng panahon. Kaya't tayo ay nahaharap sa pagsasama-samang mga gawain para maabot ang pang-maiklian at pang-matagalang layunin sa pag-unlad. Ang pagsasawalang bahala sa ganitong mga aksyon ay maaring mag resulta sa hindi inaasahan at mga halatang negatibong kalalabasan na maaring mag-ubos ng ating yaman at maliit na pagbabago sa pakikitungo at pagbabawas sa mga kapahamakan.

**Anim na Aksyon'g dapat pagtuonan pansin**

1. *Proseso ng pag-aaral ng mga karanasan: Ang magkaroon ng imbakan ng mga natukoy nang mga karanasan*
   Ang pagkakaroon ng isang madaling gamitin na imbakan ng mga makabagong kaalaman sa DRR; ang imbakan ay nakalaan sa pangongolekta, pagkakatalogo, paglilipat at pagpapamahagi ng kapwa positibo't negatibong karanasan na kaugnay sa DRR na natukoy sa mga nakalipas na mga pangyayari. Ang mga natutunan at mga kaugnay na pag-aaral ay magsisilbing kaalaman at pamamarisan para sa mga hinaharap na pangyayari sa epektibong pamamaraan.
2. *Insentibo para sa mga karanasang pang-DRR para sa pagpapalakas ng kapasidad (at mga piloting proyekto)*
   Ang mga gobyerno, mauunlad na bangko, UN (United Nations), nagbabahaging institusyon at mga namamalakad na kasosyo ay tinatawagang mapabuti at mapanatili ang mga proyektong kaugnay sa DRR sa pamamagitan ng paglikha ng mga insentibong (pangkabuhayan, pangpinansyal at mga ibang tuntunin) magpapanatili ng mga pambihirang kapasidad ng mga indibidwal at mga institusyon. Ang paglipat sa mga piloting proyekto sa pangmatagalang

proyekto na kaugnay sa DRR ay dapat isaalang-alang ang mga nakalipas na matatagumpay at ang mga nabigong pamamalakad. Ang pagpili, pagdisenyo, at pagpapalakad ng proyekto ay dapat din tignan ang sapat na pakikipagtulungan at partisipasyon ng bawat isa kasama ang mga benepisyaryo para sa ganap at maayos na kalalabasan ng proyekto.

3. *Pagsamahin ang DRR at CCA: Itaguyod at pondohan ang magkasanib na programa ng dalawa.*
   Tinatawagan ang mga komunidad na nakahanay sa DRR at sa CCA (Climate Change Adaptation) na makabuluhang ipagsama ang mga magkasanib nilang mga aktibidad sa maayos na pagtutulungan para sa pangmatagalang pananatili ng mga kaugnay na programa. Suportahan at pondohan ang makasanib at magkahambing na aktibidad ng DRR at CCA. Ang pangangailangan at pondo para sa DRR at CCA ay malamang tataas sa hinaharap dala ng paglaganap ng hindi inaasahang o di katiyakang mga pagbabago ng pangkalahatang klima.
4. *Ang tungkulin ng susunod na henerasyon (kabataan at batang propseyonal)*
   Ang mga gobyerno, mauunlad na bangko, UN (United Nations), nagbabahaging institusyon at mga namamalakad na kasosyo ay tinatawagang dagdagan ng pansin, pagkilala, pagyamanin at suportahan ang kabataan at mga batang propseyonal bilang kritikal at mapanuring kasosyo. Kilalanin ang kanilang pangunahing kakayahan at tungkulin sa mga karanasang at kaalaman kaugnay sa DRR bilang susunod na henerasyon na gagawa ng mga pagpasya at desisyon.
5. *Mga sistemang pagbibigay babala ukol sa mga pangyayaring pang-"Hydromet"*
   Ang mga gumagawa at tagapamahala ng mga "Early Warning Systems (EWS) ay tinatawagang bigyan ng kaukulang atensyon ang mga kakulangan sa sistema, pansinin at pakingan ang mga karanasan at opinyon ng mga kaugnay na grupo at kumunidad na nasasakop sa sistema. Ang pagpapahalaga sa kanilang mga mungkahi at local na karanasan ay maaring maging karagdagang benepisyo at kaalaman sa pagpaplano ng sistema kabilang na kanilang nakikitang pangangailangan.
6. *Mapabuti at palakasin ang koordinasyon ng mga Gobyerno, Bangko at mga nagbabahaging institusyon*
   Kailangan mapalaganap ang paggamit at kahalagaan ng mga limitadong kayamanan, mapabuti ang koordinasyon ng mga gobyerno, bangko at mga nagbabahaging institusyon! Ang pagtustus kaugnay sa DRR ay dapat ihambing sa mga kaukulang kapasidad at kakayanan ng mga nangangailangan at gagamit nito; ang pag-unlad ng mga taga-kumunidad na nakatuon sa kanilang kahinaan at pagbangon kapag may kalamidad. Sa ganitong paraan ay maiiwasan ang pagsasa-walang katuturang paggamit ng mga yaman, supporta at mga hakbangin.